

1

Nagmadaling umakyat ng hagdanan si Rodney. Medyo inis siya. He had a date with his latest woman tonight, the beautiful model Olivia, and he enjoyed being with her. Pero nang tumawag ang kanyang ina, he cancelled the date and went back to Manila. Wala nang mas mahalaga pa sa kanya kundi ito.

Mahina siyang kumatok sa pinto at dahan-dahang binuksan iyon. Nakaupo sa kama ang kanyang ina at tinitingnan ang isang album. Despite her age, she still looked beautiful. Teresa Rodriguez was a former beauty queen and a budding movie star. But when she met his father, she chose a quiet and happy life to be with them. Hindi na muling nag-asawa ang kanyang ina nang mabiyuda ito limang taon na ang nakakaraan. He knew how much she loved his father.

Ngumiti ang biyuda nang makita siya. Hinalikan niya ito sa pisngi at umupo sa tabi nito. Buong pagmamahal na tiningnan ni Teresa ang anak. He was his father all over again—the handsome face, the determined chin, muscular body, and his skill in managing their company. May isa lang siyang kapintasan; binata pa siya sa edad na treinta.

“Ma, ano’ng problema? Your call sounded so urgent. What happened?” Nakatingin lang ito sa kanya. “I have important business matters to attend to, pero iniwan ko kasi kailangan mo ako.”

“Business? Naku, Rodney! Hindi business ang babae. You know, I’m just trying to test you. Kung talagang importante sa iyo ang babaeng iyon, hindi mo siya iiwanan. You could ask me what the problem is. But look, you’re here. Which means you’re not seriously involved with her,” nakakunot ang noong sabi nito. “You have been parading women everywhere, but I never get to meet any of them. Don’t you think it’s time for you to think of settling down and having a family of your own?”

Nakasimangot na si Rodney. To leave the haven of that bed for this? *I should have known*. Hindi siya makapagsalita dahil sa inis at galit and admit it, sexual frustration. After that grueling meeting which lasted for almost a week, he needed a rest and sexual satisfaction.

“Don’t you frown on me, young man. Ang babaeng mas pahahalagahan mo kesa sa akin ang pakakasalan mo.”

“Ikaw lang ang pinakamahalagang babae sa akin, Ma. Wala nang iba.”

Teresa smiled knowingly at her son. “For now, my darling, for now. O, pa’no babalik ka pa ba sa Tagaytay? Naghihintay sa iyo si beauty queen.”

Rodney was surprised to realize that his mom knew so much about his activities, his whereabouts, and his women. This was dangerous. Somebody had been feeding her information about his personal life. *I wonder who.*

“No, Ma. Susuyuin ko pa siya. Wala akong panahon para gawin pa ’yun. Magpapahinga na lang ako. I’ll meet Darcy and the rest of my cousins tomorrow. Sige, Ma, maligo muna ’ko and have that most needed rest minus the....” He kissed his mom’s cheek and left the room.

Narinig pa niya ang malakas na pagtawa ni Teresa.

“Nice to see you, cousin. How was your trip and... your latest adventure?” Siningitan ni Darcy ng tawa ang tanong nito. Ito ang best friend at first cousin ni Rodney.

“Ayun, galit na galit. Iniwan ko kasi kagabi. Tumawag si Mama at sinabing uwi raw ako, kaya umuwi naman ako. Hindi ko na nga nahintay si Olivia

para magpaalam dahil nasa banyo pa siya. Minabuti kong mag-iwan na lang ng note. Minumura ako sa phone n'ung tinawagan ako.” May katigasan ang ngiti niya, halatang inis pa rin. “I can’t blame her. Well, anyway, we both suffered.”

“Akala namin seryoso ka na sa kanya. Ang tagal na ninyo, ah,” sabi ni Lauro, another close cousin.

“Hindi. S’abi nga ni Mama, kung importante siya sa akin ay hindi ko iiwanan. As if I can say no to her. Only to find out that she was just testing me and wanted to find out how important that woman is to me.” Pinigil niya ang sariling magmura. “Sabagay, na-realize ko rin na mas mahalaga ang mama ko kaysa sa kanya, kaya tapos na kami ni Olivia.” Ngunit wala siyang nararamdamang panghihinayang. Actually, she was the longest of all his lovers. Others lasted only for months, while Olivia was with him for these last two years.

“Naka-off ang cell phone mo pero natawagan ka niya sa hotel sa Tagaytay, eh, pa’no naman nalaman ni Tita Teresa kung nasaan ka?” tanong naman ni Christian, ang pinakabata sa kanilang apat.

“Iyan nga ang ipinagtataka ko. May hinala akong may nagsasabi kay Mama ng mga activities ko at alam lahat ng ginagawa ko, pati kung sinu-sino ang

kasama ko. Do you think she hired a detective?"

"I doubt it. Hindi 'yun gagawin sa iyo ni Tita, pero listen to this. I heard her and my mother talking about you on the phone. I think Tita was very curious about Olivia because you've been with her these past years. Kaya siguro gusto niyang malaman kung siya na nga ang babaeng pakakasalan mo. Mind you, Rod, gusto na niyang magkaapo."

"Akala niya tatanggi akong bumalik dahil kasama ko nga si Olivia. Well, maybe now she realized she comes first in my life."

"And that's bad news to Tita," natatawang sabi ni Lauro.

"But I still wonder who the heck stalks me and tells my mother where I am or who I'm with. Magmamatyag akong mabuti para malaman ko kung sino ang source ni Mama. By the way, doon muna ako uuwi sa malaking bahay mula ngayon. I have a suspicion that this person is staying close to my mother. Kung sinuman siya, malalaman ko rin."

"Eh, pa'no itong condo mo?" paalala ni Lauro.

"Hindi naman ako magtatagal d'un. Pag nalaman ko na kung sino, I'll dismiss that employee right away," sagot niya na halatang galit.

“Kung hindi pumayag si Tita?” tanong ni Christian.

Nag-isip muna nang matagal si Rodney bago sumagot. He remembered his dying father’s wish—to take good care of his mother and never to give her heartaches.

“Saka ko na iisipin ’yon.”

Hindi na nakakibo ang kanyang mga pinsan. Alam nila kung gaano niya kamahal ang ina. Kung paano inalagaan at minahal ni Tito Noel ang asawa nito ay ganoon din ang ginagawa ni Rodney bilang anak.

Itinaas ni Darcy ang baso nito. “So once again, let’s toast to our being single forever.”

“Cheers!” sabay-sabay nilang wika.

2

“Manang, dumating ba si Sir Rodney mo kahapon?”

“Opo, Ma’am, mga bandang alas seis na po dumating si Sir,” sagot ng kasambahay.

“Gising na ba siya ngayon?” interesadong tanong ni Angela.

“Naku, Ma’am! Umalis po agad siya. Mukha nga pong galit, eh,” may pag-aalalang sagot ni Manang Loida. Matagal na itong naninilbihan sa mga Rodriguez. Dito na rin nito nakilala ang naging asawa, si Tomas, ang family driver. Nagkaroon ng anak ang mga ito. Sa kasalukuyan ay ito na ang mayordoma sa malaking bahay.

Lihim siyang napangiti. *Nabitin siguro*, sabi niya sa sarili at gusto niyang tumawa nang malakas. Kaya lang baka magulat ang matanda.

“Ma’am Angel, s’abi po ni Señora na sa kuwarto raw po niya kayo mag-breakfast. Hintayin daw po niya kayo.”

“O, sige. Salamat, Manang. Aakyat na ko d’un.”

Nagpatuloy siyang maglakad. Pagtapat sa

kuwarto ng ninang niya ay marahan siyang kumatok at dahan-dahang binuksan ang pinto. Napangiti si Teresa nang makita siya. Lumapit ang dalaga at hinalikan ito sa pisngi.

“Good morning, Ninang,” nakangiti niyang bati. “You did it!”

“Really? What did I do, my dear?”

“You made him angry, so angry, he left right away. Ninang, that was a first,” aniya, sabay tawa.

Maging ang nakatatandang babae ay natawa. “You naughty girl! I was really worried. Masyado siyang enjoy sa babaeng iyon at baka magkamali siyang ayaing magpakasal. Hindi ko siya mapipigilan sa desisyon niya. But I love him too much to allow him to regret it for as long as he lives,” she said affectionately.

Tahimik na humigop ng kape mula sa tasa niya si Angela. The affection between the mother and son was so obvious. Maraming nakakainis na ginagawa si Rodney pero bilang isang anak, bow siya rito. Nakakainis? Bakit ba siya inis na inis dito? Ewan ba kung bakit. Basta asar siya kay Rodney.

“Nagkita ba kayo kahapon?” tanong ng ninang niya.

“Hindi po, umalis po ako kahapon. Pagdating ko s’abi ni Manang ay umalis na siya, in a hurry.” Hindi mapigil ni Angela ang mahinang pagtawa.

Habang kumakain ay pinag-usapan nila ang tungkol sa mga dapat asikasuhin sa bahay.

“Hindi ka ba naiinip dito, hija?”

“Naku, Ninang, hindi po! Basta may mga libro rito, I will never be bored,” nakangiti niyang sagot. “Ninang, hanggang gusto mo na nandito ako, hindi ako aalis. To tell you the truth, I enjoy what I’m doing. I love taking care of the house and of course, being with you.”

“Thank you very much, my dear,” Teresa said thoughtfully. Then she asked curiously, “Wala ka bang balak mag-asawa? Pa’no ’yung boyfriend na naiwan mo sa Bacolod?”

“Hindi ko po boyfriend si Alex. He is a very good friend of mine. Until lately,” malungkot niyang tugon.

“Bakit, ano’ng nangyari?”

“He wanted more than friendship, Ninang. Hindi ko kayang itaas pa ang level ng friendship namin,” matamang sagot niya. “But I tried, naawa kasi ako sa kanya, pero ayaw talaga ng damdamin ko. Kaya

tamang-tama nang ni-request mo po kina Mom and Dad na samahan muna kita. At hindi ako nagsisisi. I miss my friends, that's true, but I like being here with you."

"Alam mo, napakasuwerte ng mapapangasawa mo. You were born to be a wife and a mother," anito, sabay na naisip ang kaisang-isang anak. Bagay na bagay ito at si Angela. "By the way, s'an ka ba nagpunta kahapon? Sa condo ba ng ate mo?" Si Marissa ay nagtatrabaho sa isang bangko sa Makati. Mataas na ang posisyon nito roon. She's twenty-five, pero wala pa ring asawa.

She hesitated a little bit before she answered, "No, Ninang, I met with a friend. We just ate and talked," she shrugged her shoulders.

Hindi siya sigurado kung napansin ng kausap na umiiwas siya. Pero hindi ito nag-usisa. "Have you visited your ate? How is she?"

"Okay naman po. She's happily dating, going out and enjoying her work terribly," Angela answered, thankful for the change of topic.

Nakangiti si Teresa habang nakatingin kay Angela. Ang mga magulang ng dalaga, sina Julie at

Delfin dela Cruz, ay matalik na mga kaibigan nilang mag-asawa. Sabay na taon silang nagpakasal. At nagkasundo na ang kanilang magiging mga anak ay ipakakasal sa isa't isa.

Unang nanganak si Teresa, ngunit ito ay naging mapanganib na pagbubuntis na nagkaroon pa ng komplikasyon. The pregnancy almost cost her her life. Kaya hindi na ulit siya nagbuntis.

Matapos ang dalawang taon ay si Julie naman ang nanganak, isang lalaki. Ngunit nagkasakit ang unang anak nito at ang bata ay namatay. Na-trauma ang kaibigan niya sa pagkamatay ng panganay na anak. Makaraan ang tatlong taon ay muli itong nagsilang, babae naman. The birth of their daughter brought joy and hope for the married couple. After two more years, they had another girl and named her Angela.

At a very young age, Marissa, Julie's elder daughter and Rodney, Teresa's only son, were being matched. Pero napansin nila na mas nakukuha ng bunsong si Angela ang atensyon ni Rodney. Para itong tomboy noong bata pa. Lagi nitong inaasar si Rodney.

Pitong taon na ang lalaki nang ipanganak si Angela. Lagi rin nitong inililigtas sa kapahamakan ang batang babae dahil si Angela ay mahilig umakyat

sa puno, mag-swimming mag-isa, at makipaglaro sa mga batang lalaki sa kanilang lugar. Madalas kapag nagkaroon ng away, si Rodney ang nadadamay. That was fifteen years ago, when her son was fifteen and Angela was eight years old.

Si Angela ay isa na ngayong ganap na dalaga sa edad na beinte-tres. Matangkad ito sa karaniwang babae. Mas maganda si Marissa, but this girl was very attractive. Maamo ang mukha nito, palangiti, tahimik at katulad ni Teresa ay voracious reader. Madalas itong nakikita sa library ng mga Rodriguez at nagbabasa. Wala na ang dating tomboy na madalas kinaiinisan ng anak niyang binata.

Naisip ng biyuda, nagkita kaya sina Rodney at Angela?

Six months ago, tinawagan siya ni Julie. Nag-aalala ito sa anak na bunso na may isang manliligaw na ni hindi alam ni Angela ay nanliligaw rito. Para kasing kapatid ang turing nito sa binata, si Alex Dizon, isang kababata sa Bacolod.

Nakilala nila ang pamilya nito nang lumipat sila roon nang siyam na taong gulang na si Angela. Nagbukas ng bagong negosyo roon si Delfin at pumatok ito. Kaya dinala na nito ang pamilya at doon na rin nanirahang permanente. Magmula noon ay

naging malapit na sila sa isa't isa.

Buong akala nga nina Delfin at Julie ay may relasyon na sina Angela at Alex. Laking gulat nila nang sabihin ng dalaga na parang kapatid lang talaga ang tingin nito sa kababata. But unfortunately, that's not the case with Alex. He was so possessive of their daughter and it worried them a lot.

Kaya humingi ng tulong ang mga ito kay Teresa. Nakumbinsi ng mag-asawa ang anak na samahan muna ang ninang nito sa Maynila at tulungan siya sa pamamalakad ng bahay. Tapos ng education course si Angela at nagtuturo sa isang private school sa Bacolod.

At the moment, pansamantala muna itong huminto upang samahan si Teresa. Ito na ngayon ang umaayos ng mga suweldo ng mga katulong, pamimili ng mga pangangailangan sa bahay, at up-to-date na ang mga bayarin. Laking pasasalamat ni Teresa sa dalaga. Nabawasan na ang kanyang alalahanin tungkol sa maintenance sa bahay. Lahat ng iyon ay mahusay na nagampanan ni Angela.

Pero nang mabanggit si Alex, napansin niyang umiiwas ang kanyang inaanak. Hindi ganoon ang dalaga. Lagi itong nagkukuwento ng mga ginawa nito. She was very fond of her. Whatever she was

going through these days, she, her godmother, was just a conversation away.

Nagpatuloy ang pag-uusap ng dalawang babae hanggang sa magpaalam si Angela na pupunta ito ng supermarket kasama ang dalawang kasambahay.

Nagtungo muna si Angela sa kanyang silid. Nang mabanggit si Alex, umiwas siyang tumingin kay Teresa. Ayaw niyang makita nito sa kanyang mga mata ang pag-aalala.

Sa totoo lang, nakipagkita siya kay Alex. He texted her about ten times the day before yesterday. Tulungan daw niya ang lalaki at may malaking problema ito, kaya raw nagpunta rito sa Maynila. Although a little bit skeptical about his motives, she still opted to see him. Maybe out of curiosity or she was moved by the urgency of his requests.

Pero ito ay isang malaking pagkakamali. Isang maling desisyon na ginawa niya.

As soon as she arrived, he muttered, "I knew it! Contrary to your denials, you have feelings for me too," and he laughed aloud. "Miss mo rin ako at hindi mo 'ko matitiis. Isang text lang 'andito ka na."

Napapikit siya dahil sa pagtitimpi ng galit. But nevertheless, she said calmly, “You texted me, ten times, every ten minutes, baka nakalimutan mo. Pero ano ba ang problem, Alex?”

“Let’s have lunch first. Masarap ang spareribs dito, your favorite, di ba? Then I’ll tell you while we’re eating,” he said charmingly.

Sumunod siya sa restaurant ng hotel na tinutuluyuan ng kaibigan. Not in the least interested to have lunch with him, pero dahil nandito na rin lang siya ay pagbibigyan na niya ang lalaki. They were given the best seat in the restaurant. Hinintay pa nila ang orders nila. Nangumusta sa kanya si Alex, tinanong ang mga ginagawa niya at nagbibigay ng komento na hindi naman niya pinapansin. Hindi na siya nakatiis kaya tinanong na niya nang direktso kung ano ang problema nito. And his answer shocked her.

“Pag-usapan na lang natin iyon sa kuwarto ko sa penthouse. Pagkakain natin, aakyat tayo doon para makapagpahinga naman tayo. How about that?”

“What? Kung hindi natin pag-uusapan dito ang problema mo, then uuwi na ’ko,” sagot niya, sabay tayo at kuha ng kanyang bag.

Tumayo rin si Alex at hinawakan siya sa kamay

na pinipigilan siya. Then he smiled and said, “I was just joking. Baka sakaling pumayag ka.”

Umupo siya ulit at tiningnan ito nang diretso. Nang dumating ang pagkain nila ay tahimik silang nagsalo. All this time, wala pa ring sinasabi ang binata. Then he started talking.

“Bumalik ka na sa Bacolod, Angela. Gamitin mo ang pinag-aralan mo, magturo ka na ulit. You’re wasting your time here taking care of that old woman. Bakit hindi ’yung anak niya ang mag-alaga sa kanya? Why you? Anong klaseng anak ’yan?”

“And what about you? Iniwan mo ang mga magulang mo para bantayan ang hindi mo naman kaanu-ano. You go back to Bacolod. I’m proposing to you now, let’s get married,” he said arrogantly.

“Akala ko ba may problema ka? Bakit ako ang pinakikialaman mo at ang pamilya ko? Pati si Rodney, sinisiraan mo. For your information, Ninang Teresa and her family are not just other people. They are family. And you are proposing to me? Are you crazy?” nanggigil niyang tanong.

“Why crazy? Bakit, Angela? Sino ba ako sa iyo?” tanong nito.

“Isang kaibigan, parang kapatid ang turing ko

sa iyo, at lagi ko 'yang sinasabi. Pilitin ko man ang sarili ko, hindi ko magawang magkaroon pa ng ibang damdamin para sa 'yo. Alex, alam mong wala kang problema na kailangan ko ng tulong. Ikaw lamang ang makakatulong sa sarili mo,” she said emphatically.

Nakita niya ang kislap ng galit sa mga mata nito. “Bakit? Sino ba ang nagsabi sa 'yo na ituring mo akong parang kapatid? Ang mga magulang mo at sinusunod mo sila, gan'un ba?”

Nagulat si Angela sa tugon nito. “Walang sinasabing gan'un ang mga magulang ko, Alex.” Hindi niya masabi rito na ang akala nga ng mga ito ay magkasintahan sila. “Hindi mo ba naiisip na iyon lang ang nararamdaman ko para sa iyo?”

“Hindi ako naniniwala sa iyo na wala kang pagtingin sa akin. Na hindi mo nararamdaman ang nararamdaman ko para sa 'yo. O, tama ang hinala ko na may gusto ka sa anak ng matandang inaalagaan mo na magiging asawa ng ate mo?” may pangungutyang tanong nito.

Nanlaki ang kanyang mga mata sa narinig. Bago pa siya nakasagot, muli itong nagsalita, “Baka naman akala mo ay may pag-ibig ka sa kanya? Dahil siya ang gusto ng ate mo kaya gusto mo rin siya? Masakit man pero sasabihin ko na sa iyo. Sa pagkakakilala ko

sa Rodriguez na iyon, ang mga type niya ay ang tulad ng ate mo; worldly, friendly, hindi takot humarap sa tao, extrovert. Ikaw ay tahimik na tao, always keeps to yourself. Hindi ka makakatulong sa pag-unlad ni Rodriguez bilang isang businessman. Katulad ng ate mo ang mga babaeng pinapatulan niya. Tayo ang magkabagay.”

Hindi makapaniwala si Angela sa sinabi ni Alex. “If you are the man I know you are, you will retract everything you said. My God, Alex! Pa’no mo ’yan nasasabi sa akin? Matagal na tayong magkaibigan. Bakit mo ’ko paghihinalaan ng ganyan? At wala akong pakialam sa preference ni Rodney. Hindi siya kasama sa usapang ito.”

“I’m sorry, Angela,” he said. “Hindi ko matanggap na may iba kang gusto at kasintahan pa ng kapatid mo.”

“Magkababata kami bago pa tayo nagkakilala. Madalas kaming mag-away noong maliliit pa kami. Mas maganda ang relasyon nila ni Ate Marissa. Hinding-hindi ako iibig sa lalaking mapapangasawa ng ate ko,” buong diin niyang sinabi. “I think it’s about time I leave. Thanks for the lunch.” Tumayo na siya at mabilis na lumabas ng hotel.

Narinig niyang tinatawag siya ni Alex, pero ni

hindi siya lumingon. Tamang-tama naman na may taxi na naghihintay sa labas.

Parang may naramdaman siyang kirot sa puso sa mga sinabi ng lalaki. Aminin man niya o hindi, nasaktan siya nang sabihin nito na hindi siya ang babaeng magugustuhan ni Rodney. Hindi siya ang type nito. Bakit ba siya masasaktan? Hanggang ngayon ay tinatanong niya iyon sa sarili.

It didn't matter how he felt about her, but that idea brought sadness in her heart and a certain longing. Longing for what? Na sana mapansin din siya nito tulad ng pagpansin nito sa ate niya? Na sana hindi isang nakababatang kapatid ang turing nito sa kanya? Bakit?

Tama ba si Alex na kaya siya pumayag agad na samahan ang ninang niya ay dahil sa pag-asang magkikita sila ni Rodney, and that he might see her in a different way now? The idea was frightening but it gave her so much pleasure. Naiinis ba siya talaga kay Rodney o naiinis siya dahil bata ang tingin nito sa kanya?

3

Malakas na tunog ang gumising kay Rodney. Pupungas-pungas niyang kinapa ang alarm clock para i-off. Pero hindi iyon ang tumutunog. Ang cellphone pala niya. At ang tumatawag ay si Olivia. Tiningnan niya ang oras; ala una ng hapon. Masakit ng ulo niya. Madaling-araw na nang matapos ang kuwentuhan at inuman nilang magpipinsan.

Umupo siya sa gilid ng kama, hinawakan ang ulo niyang parang binibiyak sa sakit at tumungo. Muling nag-ring ang cellphone niya. Si Olivia pa rin. Minabuti niyang sagutin dahil hindi ito titigil ng katatawag.

“Babe,” buong lambing na sabi nito. “Babe, hindi na ako galit sa ’yo, pero may tampo ako.” Bakit hindi mo man lang ako tinawagan o kaya sinundo sa Tagaytay?” may pagmamaktol nitong dagdag.

Hindi alam ni Rodney kung maiirita siya o maaawa sa dating karelasyon. Oo, dating karelasyon na ang turing niya kay Olivia. “Kasama ko ang mga pinsan ko, nag-inuman kami. Kaya ang sakit pa ng ulo ko hanggang ngayon.”

“Gan’un ba? Nasaan ka ba ngayon, sa condo? I’ll

go there and take care of you,” she said in a sexy low voice that never failed to arouse him.

“No, no, no, I’m not in my condo. I’m in my cousin’s house. I’m okay. I’ll just ring you when I’m better.” For some reason, he himself could not understand why her sexy voice did not affect him anymore. Lasing lang siya siguro. “I’ll see you as soon as possible, okay? Take care, honey,” paalam niya at pinindot ang off ng phone.

Dati kapag galit sa kanya si Olivia, sinusuyo niya ito. Magpapadala siya ng bulaklak o chocolates. Hindi rin siya nakakalimot na tawagan ito. Pero nang nakaraang gabi, ni hindi siya tumawag dito. Nawalan na siya ng gana sa babae.

Tumayo mula sa kama si Rodney at naligo. *Today is the day. I’ll surprise my mother.* Napapangiti siya sa sarili. Maybe he missed Teresa. It was three years ago when he decided to move to his own condo unit. He couldn’t go out on dates because his mom was always curious at ayaw niyang malaman nito ang nangyayari sa kanyang personal life at kung anuman ang activities niya. Well, after Olivia, maybe he needed to think seriously about his life.

Hindi nagtagal ay dumating si Rodney sa malaking bahay. Pagdating niya ay nataranta ang

mga kasambahay nila.

Lumabas na humahangos ang kanyang dating yaya, si Manang Loida. Tuwang-tuwa ito at mukhang naiiyak pa nang makita siya.

“Sir Rodney,” wika nito, sabay yakap sa dating alaga.

“Manang, kumusta ka na? Talagang kay tagal ko nang hindi pumunta man lang dito. Kumusta kayong lahat?” he asked her fondly. This was the family atmosphere he missed. Niyakap din niya ang matanda. “Manang, hindi ka talaga tumatanda. Pero ako, hindi na ako ’yung dati mong alaga.” Tumawa siya nang malutong.

“Hindi na nga, ang tangkad-tangkad mo na. Halos lampas ka na kay Señor Noel noong nabubuhay pa ito. At hindi na ikaw ang aalagaan ko, ang magiging mga anak mo na,” sabi nitong nakangiti at parang nanunukso.

Muli ay tumawa ang lalaki. “Si Manang talaga. Si Mama po, nasa kuwarto ba?” naalala niyang itanong.

“Ay, wala siya, Sir. Nagpahatid siya kay Tomas sa bahay ng kaibigan niya. Mga alas cinco ng hapon daw siya balikan doon,” sagot nito.

“Si Manong pa rin pala ang nagmamaneho para kay Mama. ’Kala ko ’andito na si Danilo, ang anak ninyo.”

“Gusto ni Señora na si Tomas lang ang nagmamaneho para sa kanya. Pero pag masyadong malayo ang pupuntahan niya’y si Danilo ko na ang kasama niya. Sa gabi kasi malabo na ang mga mata ni Manong mo.”

“Ah, sige. Manang, ipaghanda ninyo ako ng lunch, hindi pa ’ko kumakain.”

“Yes, Sir. Ipapaluto ko kay Marina ang paborito mong ulam.”

“Salamat, Manang. Punta muna ako sa kuwarto ko, pakitawag ako pag handa na ang lunch ko.”

“Sige, Sir,” ani Manang Loida saka nagmadaling lumakad papunta sa kusina.

Simula sa araw na ito, ang kakainin ko na ay mga lutong bahay, sabi ni Rodney sa sarili. Ang pagkain niya kasi lagi ay galing sa iba’t ibang kainan o kaya sa fast food restaurants.

Maliit lang ang dala niyang bag. Halos ang laman ay mga papeles na kailangan sa opisina. Hindi na siya gaanong nagdala ng mga damit dahil noong

lumipat siya sa condo unit niya ay wala naman siyang dinalang mga gamit.

Nagtungo na siya sa kanyang silid. Naupo siya sa kama at inalis ang sapatos at medyas. Ang tsinelas niya ay nandoon pa rin sa dating kinalalagyan. Napangiti siya. Nothing had changed.

My room is just waiting for me. Inalis niya ang belt at humiga sa kama. Hinintay niyang tawagin siya ng kasambahay. Kumakalam na nga ang sikmura niya.

Bigla siyang napabalikwas nang may marinig na tinig mula sa ensuite bathroom. May gumagamit ba ng banyo niya? Dahan-dahan siyang sumilip sa nakaawang na pinto. Isang babae, may earphones at aklat, nagbabasa ito habang nakababad sa tub pero sumasaliw sa awiting naririnig. Napamura siya sa sarili, kasambahay ba nila ito? Nagmadaling bumabasa si Rodney at tinawag ang mayordoma.

“Manang Loida, sino sa mga kasama mo rito ang gumagamit ng banyo ko?” galit niyang tanong.

“Sir, wala po. ’Andito po silang lahat sa kusina, nagtutulong-tulong kaming ihanda ang pagkain ninyo. Bakit po?” sagot nito.

Bumakas ang pagtataka sa kanyang anyo. “Sino ’yung naliligo sa banyo ko? May bisita ba tayo?”

Nag-isip sandali si Manang Loida. “Baka po si Ma’am Angel, este, Angela po. Pinapagamit po sa kanya ni Señora ang banyo ninyo kung gusto niyang maligo d’un. Pero bihira lang niyang gamitin ’yun. Sige, Sir, sabihin ko sa kanya na ’andito kayo,” medyo kinakabahang sabi nito.

“Ah, ’wag na, Manang. Ako na ang bahala,” sabi niya, sabay ngiti. Tinalikuran na niya ang kausap upang bumalik sa kuwarto niya.

Habang umaakyat sa mga baitang ng hagdanan ay napaisip ang binata. Si Angela, ang tomboy na kapatid ni Marissa? Nakatira ngayon ito sa bahay nila? Napatawa siya nang mahina. Serendipity, isang regalong galing sa langit.

Nang makarating sa kuwarto niya ay ni-lock niya ang pinto. Dahan-dahan niyang niluwangan ang bukas ng pinto ng banyo. Hindi siya naririnig ng babae dahil sa earphones na nakapasak sa magkabilang tainga nito at hindi pa siya napapansin dahil nagbabasa ito. Kumuha siya ng silya at umupo sa harap nito sa dulo ng bathtub.

Tinitigan niya si Angela. Humanga siya sa kagandahang taglay nito. Ang pula ng mga labi nitong kay sarap halikan. Mahaba ang itim na itim na buhok maging ang mga pilik-mata nito. Natutulog pala ang

babae kaya hindi siya napapansin. She had flawless alabaster skin. At ang dibdib nito... wow! Naaaninag niya iyon sa tubig, kay lusog at tayong-tayo. Nag-iinit ang mga kamay niya na hawakan iyon at ikulong sa kanyang mga palad. At ang letter V sa pagitan ng mga hita ng babae ay nagpapakislot sa kanyang pagkalalaki.

Hindi niya inaalis ang pagkakatitig dito hanggang sa maalimpungatan ito. Iminulat nito ang mga mata at makailang beses kumurap. Inalis nito ang earphones sa tainga at ipinatong sa likuran ang hawak na aklat. Hindi na ito kumukurap, nakapamulagat na ang mga mata, nakabuka ang bibig at tinakpan ng mga kamay ang dibdib at inipit ang mga hita. Halos wala nang bula ang tubig, kaya kitang-kita na ang buong katawan ni Angela.

“Ano’ng ginagawa mo rito?” mahina ngunit pasigaw na wika nito.

Ngumiti si Rodney, sabay sabing, “Ikaw, ano’ng ginagawa mo rito sa banyo ko dito sa kuwarto ko?”

Hindi makapaniwala si Angela nang mapagsino ang lalaking nakaupo malapit sa bathtub. Si Rodney!

Kaninang dumating siya kasama ang mga

kasambahay mula supermarket, nalaman niyang umalis pala ang ninang niya. Nakipagkita ito sa mga kaibigan. Naisip niyang maligo sa kuwarto ni Rodney. Sinabi sa kanya ni Teresa na puwede niyang gamitin ang bathtub sa kuwarto ng anak nito dahil hindi iyon nagagamit. It had the biggest bathtub in the house and the most luxurious. She planned to read while in the tub and listen to her favorite music.

After her experience with Alex, she needed to pamper herself. Hinanda na niya ang mga gamit niya at nagpunta na sa kuwarto ni Rodney. Ang bathroom nito ay hiwalay sa main bedroom. Pangatlong beses na niyang pagligo rito. Malaki ang silid na ito. Lalaking-lalaki ang dating pati ang mga dekorasyon. It reflected the personality of the owner. Nang maayos na ang lahat ay umupo na siya sa bathtub at nagsimulang magbasa habang nakikinig sa musika.

Hindi namalayan ni Angela ang pagdating ni Rodney dahil nakatulog pala siya. Naginhawahan siya sa pagbabad sa tubig. Ngayon ay magkaharap na sila ng lalaki na madalas niyang inaasar noong bata pa siya.

Kamuntik pa siyang mapatili sa gulat, pero nagawa niyang pigilan ang sarili. “Ano’ng ginagawa mo rito?”

Isang nakakalokong ngiti ang ibinigay nito sa kanya. “Ikaw, ano’ng ginagawa mo rito sa banyo ko, dito sa kuwarto ko?” sarkastikong tanong nito.

“Eh, di naliligo,” galit na sagot ng dalaga. Sana ay hindi mapansin ni Rodney na wala nang bula ang tubig, pero sa paraan ng pagtingin nito sa katawan niya, duda siya. “Kwarto mo nga ito at banyo mo, pero wala ka naman dito. Pinapagamit ni Ninang sa akin ito pag gusto kong maligo.” Pulang-pula na ang mga pisngi ni Angela at ang buong katawan niya sa tindi ng hiya. Lumalamig na rin ang tubig at giniginaw na siya. Ngingisi-ngisi pa ang kumag na ito. Ang lakas ng kaba ng dibdib niya. *Bakit siya nandito? Di ba umuwi na siya sa condo niya?*

“Kelan ka pa dumating dito? Bumibisita ka ba kay Mama?” usisa nitong nagde-kuwarto.

“Six months na akong nandito. Ni hindi mo alam kasi hindi mo binibisita si Ninang. Ako na ang nag-aasikaso sa mga pangangailangan dito sa bahay,” may panunumbat na sabi niya. Nanginginig na rin siya dahil talagang malamig na ang tubig sa bathtub. *Hindi ba ito aalis? Paano ako tatayo? Ayaw naman niyang ipaabot ang bathrobe niya dahil tatawanan siya nito. Alam niyang gusto nitong magmakaawa siya rito para iabot ang robe niya. Pero wala siyang*

balak gawin iyon. “Lumabas ka muna para makatayo ako at makapagbihis. Then we can talk,” may inis sa tinig na dagdag ni Angela, sabay irap.

“Di tumayo ka, who’s stopping you?” Nakangisi pa rin ang hudyo.

Napatiim-bagang ang dalaga. *Ang kumag talagang ito, ’kainis! Ano ba’ng dapat kong gawin? Ayaw ko ngang ipaabot ang robe ko dahil pagtatawanan niya ako. Bahala na, tutal nakita na naman niya lahat...*